

Kung katabi lang ang kalikasan, ang sunog sa kagubatan ay isang panganib.

Protect your property. calgary.ca/wildfire

Ang pana-panahong panganib ng sunog sa kagubatan, mga sunog sa damo, at iba pang mga sunog sa labas ay isang lumalaking katotohanan sa buong Canada, lalo na kung saan ang mga residensiyal na kapitbahayan ay nakadugtong sa mga kagubatan.

Bagama't ang Lungsod ng Calgary ay nagbibigay ng ilan sa mga pinakamabisang tugon sa sunog, pagpapalano, at kahandaan sa emerhensiya sa Canada, umaasa rin kami sa mga residente at mga komunidad. upang mabawasan ang ating pinagsasaluhang panganib ng sunog, kapwa sa tahanan at sa mga parke ng Lungsod at mga likas na lugar.

Alamin ang tungkol sa panganib ng sunog sa labas na partikular sa kung saan ka nakatira sa calgary.ca/wildfire. Mula sa mga nangungupahan hanggang sa mga may-ari ng bahay, kapwa ang malalaki at maliliit na aksyon ay maaaring makapagdulot ng isang malaking pagbabago upang mabawasan ang panganib ng sunog sa inyong komunidad.

Bisitahin ang calgary.ca/wildfire

*Sinu suportahan ng Asosasyon sa Pagpapabuti ng Mapagkukunan ng Kagubatan ng Alberta
[Forest Resource Improvement Association of Alberta (FRIAA)]*



Pamahalaan ang iyong mga puno at mga palumpong (shrubs)

- Mag-iwan ng hindi bababa sa tatlong metro sa pagitan ng mga bagong tanim na mga puno.
- Iwasan ang pagtatanim ng mga makahoy na mga palumpong o mga puno sa loob ng 1.5 metro ng iyong bahay. Putulin at panatilihin nang regular ang mga ito.

Gumawa ng ligtas na paligid

- Palitan ang anumang madaling masunog na mga materyales na malapit sa bahay ng graba, bato, o iba pang hindi nasusunog na mulch.
- Alisin ang mga patay na halaman at mga tambak ng kahoy na panggatong na malapit sa mga pader.
- Gumamit ng mga halamang mababa ang laki at nadidiligang mga halaman.

Bawasan ang mga panggatong at mga madaling magliyab na materyales

- Itabi ang mga tangke ng propane, kahoy na panggatong, at mga basura sa bakuran nang malayo sa iyong tahanan.
- Alisin ang mga damo at iba pang mga kalat mula sa paligid ng mga tangke ng propane upang walang madaling masunog na materyal na malapit sa tangke.
- Alisin ang mga dahon, mga karayom ng pino at iba pang mga kalat mula sa iyong bubong at mga alulod, kung ligtas na gawin ito.

Paano mababawasan ang panganib ng sunog sa labas ng iyong tahanan



Mag-upgrade kapag nag-aayos

- Pumili ng mga materyales sa pagtatayo at mga pamamaraan ng konstruksyon na hindi tinataban ng apoy, tulad ng metal, aspalto o konkretong tile na bubong at ang mga dingding sa labas (siding) na may fiber-cement board, ladrilyo, masonerya o mga metal na panel.
- Kung magtatayo ng deck, gumamit ng composite, mabigat na kahoy, o metal na decking. Palibutan ang ilalim ng hindi nasusunog na gilid at alisin ang anumang kalat sa ilalim ng mga deck.
- Iwasang gumamit sa labas ng hindi ginamot na kahoy o vinyl kung maaari.

Gamitin nang responsable ang mga fire pit

- Ang mga fire pit ay hindi dapat bababa sa dalawang metro ang layo mula sa lahat ng linya ng ari-arian, mga bakod, o mga istruktura.
- Lahat ng fire pit sa loob ng Calgary ay dapat na takpan ng ligtas sa apoy na mesh screen o pananggal sa kislap (spark guard).
- Huwag kailanman iwanang walang nagbabantay sa apoy at siguraduhin na tuluyang napatay ang apoy bago ka umalis sa lugar.
- Ang mga residente ay responsable sa pagtitiyak na ang mga fire pit at panlabas na pugon ay sumusunod sa lokal na ordinansa: calgary.ca/firepits

Magsanay ng kaligtasan sa sunog sa labas

- Tiyakin na ligtas na itapon ang lahat ng mga materyales na ginagamit sa pagpapausok. Huwag itapon sa mga taniman o itapon mula sa iyong sasakyan.
- Ang mga paputok ay hindi dapat gamitin sa loob ng mga natural na espasyo ng ating lungsod at hindi kailanman dapat gamitin nang walang permiso: calgary.ca/fireworks
- Palaging siyasatin kung may isang pagbabawal sa sunog sa inyong lugar bago magsimula ng isang apoy: calgary.ca/firebans